# Maling Impormasyon sa Bakuna ng COVID-19


Ang pandemya sa COVID-19 ay naging hamon para sa ating komunidad. Ang maling impormasyon tungkol sa mga bakuna laban sa COVID-19 ay nagdagdag lamang sa pagkagulo na ito. Patunayan natin ang ilang karaniwang maling akala at ibunyag ang katotohanan tungkol sa mga bakuna laban sa COVID.

## ANG REKORD NG KALIGTASAN NG MGA BAKUNA

**MALI:** Masyadong mabilis na binuo ang mga bakuna laban sa COVID-19 upang maging ligtas.
***KATOTOHANAN:*** Sa kabila ng mabilis na pagbuo, walang mga hakbang na pinalampas sa proseso ng kaligtasan at pag-apruba para sa mga bakuna laban sa COVID-19. Ang kamangha-manghang tagumpay na ito ay posible dahil sa pandaigdigang kooperasyon, pagdadagdag sa pagpopondo at mga pamamaraang pang-agham na ginagamit sa loob na ng ilang dekada. Ang kaligtasan ay palagi at patuloy na magiging pangunahing prayoridad. Ang mga sientipiko at mga propesyonal sa kalusugan sa buong mundo ay walang pagod na nagtatrabaho upang masigurado na mananatiling ligtas at epektibo ang mga bakuna laban sa COVID-19 para sa lahat.

## MGA POSIBLENG EPEKTO

**MALI:** Vaccines cause severe side effects.
***KATOTOHANAN:*** Bilyun-bilyong tao sa buong mundo ang nakatanggap ng bakuna laban sa COVID-19. Karamihan sa mga tao ay nakakaranas lamang ng banayad na sintomas, tulad ng pamamaga ng braso o pakiramdam na masama ang pakiramdam sa isang araw o dalawa. Ang mga malubhang epekto ay lubhang napakabihira. Sa katunayan, ang pagkakataon ng malubhang epekto ay mas mababa kaysa sa panganib ng malubhang sakit mula sa COVID-19 mismo. Ang mga benepisyo ng pagpapabakuna — pagpigil sa malalang sakit, pagkakahospital at pagkamatay — higit na mas matimbang kaysa sa maliliit na panganib na ito.



## ANG KAHALAGAHAN NG PAGPAPABAKUNA

**MALI:** Maganda ang kalusugan ko at hindi ako madalas magkasakit, kaya hindi ko na kailangan ang bakuna laban sa COVID-19.
***KATOTOHANAN:*** Kahit ang mga malulusog na mga tao ay maaaring magkasakit nang Malala dahil sa COVID-19. Isa pa, kung ikaw ay nasuring positibo o may mga sintomas, maaaring hindi ka makapasok sa trabaho, paaralan, pagtitipon ng pamilya at mga kaganapang sosyal (social event).

County of Los Angeles Public Health

# Maling Impormasyon sa Bakuna ng COVID-19

## IBA PANG MGA KARANIWANG MALING AKALA

**MALI:** Nagkaroon na ako ng COVID 19, kaya hindi ako makikinabang sa pagbabakuna.
***KATOTOHANAN:*** Ang bakuna laban sa COVID 19 ay nananatiling pinakamainam na proteksyon laban sa pagkakaroon ng COVID 19, nagkaroon ka man dati ng COVID 19 o hindi. Ipinakita ng mga pag-aaral na ang imyunidad sa dating impeksiyon ay humihina sa paglipas ng panahon at ang mga bakuna ay nagbibigay ng higit na proteksyon mula sa malubhang sakit, mahabang COVID at pagkamatay kaysa sa narural na imyunidad.

**MALI:** Nabakunahan na ako dati noong bago pa lang ang mga bakuna laban sa COVID-19, hindi ko na kailangan ang pinakabagong bakuna.
***KATOTOHANAN:*** Tulad ng lahat ng virus, ang COVID-19 ay maaaring magbago ng kaunti sa tuwing kumakalat ito sa ibang tao. Ang mga pagbabagong ito ay maaaring humantong sa isang bagong bersyon o "baryante" ng virus. Kung ang baryante ay lubhang naiiba mula sa orihinal na virus, maaaring kailanganin na baguhin ang bakuna. Ayon sa mga-pag aaral, humihina ang imyunidad sa pagbabakuna laban sa COVID-19 sa paglipas ng panahon. Ang mga binagong bakuna ay magpapanumbalik ng proteksyon ng imyunidad laban sa malubhang sakit. Para sa pinakamalawig na proteksyon laban sa COVID-19, dapat kang manatiling napapanahon sa mga inirerekomendang bakuna.



**MALI:** Ang bakuna laban sa COVID-19 ay maaaring makaapekto sa kakayahang magkaanak o pagbibinata/pagdadalaga.
***KATOTOHANAN:*** Walang mga ulat ng pagkabaog mula sa bakuna sa libu libong mga tao na lumahok sa mga klinikal na pagsubok. Sa katunayan, maraming mga tumanggap ng bakuna ang epektibong nagbuntis. Wala ring katibayan ng naantalang pagbibinata/pagdadalaga sa mga bata matapos tumanggap ng bakuna laban sa COVID-19 o anumang iba pang bakuna.

**MALI:** Babaguhin ng bakuna laban sa COVID-19 ang aking DNA.
***KATOTOHANAN***: Ang mga bakuna ng Messenger RNA (mRNA) ay hindi nagbabago ng DNA. Ang mRNA na bakuna laban sa COVID-19 ay hindi maaaring pumasok sa kaloob-looban ng selyula (nucleus of the cell), kung saan naroroon ang DNA. Ang mRNA ay tumutulong na gawing aktibo ang pagtugon ng imyunidad sa COVID-19, at pagkatapos ay binubuwag ng iyong mga selula ang mRNA upang alisin ito nang hindi nakakaapekto sa iba pang mga sistema sa katawan.



COUNTY OF LOS ANGELES
Public Health